



Republic of the Philippines  
**Department of Education**

16 JUL 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. **119**, s. 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor ng Panrehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampridadong  
Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay Filipino: Wika ng Saliksik.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
  - a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
  - b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
  - c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Ang lingguhang paksa sa loób ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
  - a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
  - b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
  - c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
  - d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.
4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng programa.
5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, Sangay ng Edukasyon at *Networking (SEN)*, Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2519; (02) 736-2524; (02) 736-2525 o email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com at website: www.kwf.gov.ph.
6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**  
Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg.: 58, s. 2017

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES  
CELEBRATIONS AND FESTIVALS  
CURRICULUM  
LEARNING AREA, FILIPINO

MCR/ DM Buwan ng Wikang Pambansa  
0405/May 15, 2018, 2018